# ITIGIL ANG EKSPANSYON NG MGA PLANTASYON!



***Sa mga nakalipas na taon,*** mabilis na lumawak ang mga plantasyon sa buong Mindanao. Nariyan ang mga malalaking plantasyon ng oil palm, saging, pinya, goma at cacao na nagbabanta ng mas malawak pang ekspansyon sa mga lupain hindi lamang sa Mindanao kundi sa buong bansa. Hungkag ang mga pangakong pag-unlad na dala ng mga plantasyong ito dahil hanggang sa kasalukuyan ay nakabaon pa rin sa kahirapan ang malawak na mamamayan ng Mindanao.

***Ang mga plantasyong ito*** ay nagdulot lamang ng pangangamkam ng lupa, matinding pagsasamantala sa paggawa, pagkasira ng kalikasan at paglabag sa karapatang pantao sa mga magsasaka, manggagawang-bukid at katutubo. Sa pamamagitan ng neoliberal na disenyo ng public-private partnership (PPPs) at mga iskema gaya ng agribusiness venture arrangements (AVAs) na nagmula sa polisiya ng gubyerno, unti-unting nakamkam ng malalaking kumpanya gaya ng Del Monte, Sumifru, Dole, Lapanday at TADECO ang lupa ng mga magsasaka at katutubo. Dahil na din sa bogus na land reform program, napipilitan ang mga magsasaka na pumasok sa mga kasunduang mas lalong maglulugmok sa kanila sa kahirapan at tuluyang kawalan ng lupa.

***Ang mga magsasaka at manggagawang bukid*** sa loob ng plantasyon ay humaharap sa mababang sweldo, kawalan ng seguridad sa trabaho, mapanganib na kalagayan sa paggawa at iba pang represyon. Isa ang sistemang "pakyaw" sa ginagamit ng mga kompanya upang mas lalong makatas ang lakas paggawa ng mga manggagawang-bukid. Sa sistemang ito, imbis na bayaran kada-oras ang mga manggagawang bukid, ay bibigyan sila ng "quota" na sa kalaunan ay magdudulot lamang ng mas mababang kita kumpara sa orasan na paggawa. Hindi rin totoong nakapagbibigay ng sapat na trabaho ang mga plantasyong ito gaya ng sinasabi ng gobyerno.

Sa mga plantasyong gaya ng Filipinas Palm Plantation Inc. (FPPI), isang malaking plantasyon ng oil palm, tinatayang 1 manggagawang-bukid kada 8 ektaryang lupang sakop. Taliwas sa tinatantya ng gobyernong 2 manggagawang-bukid kada 1 ektaryang lupa.

***Mas malaking porsyento*** din ng mga manggagawa ay kontraktwal na walang kasiguraduhan sa trabaho. Humaharap din ang mga kumunidad sa paligid ng mga plantasyon sa pagkasira ng kalikasan at panganib sa kalusugan dahil sa paggamit ng mga kumpanya sa mga nakalalasong agro-kemikals gaya ng *Gramoxone/Paraquat*. Tumitindi ang pandarahas at militirasasyon sa mga komunidad na tumututol sa ekspansyon ng mga plantasyon. Sa loob ng panunungkulan ni Duterte, nakapagtala na ng 81 na pagpatay sa hanay ng mga magsasaka, ilan dito ay mga magsasakang lumalaban sa mga plantasyon gaya ni Edwin Catog, supporter ng Madaum Agrarian Reform Beneficiaries Association Inc. (MARBAI) na laban sa Lapanday, at si Ronnie Amoroso, Vice Chairman ng WEARBAI na laban sa TADECO. Pinalubha pa ang mga pandarahas nang ipinataw ang Martial Law sa buong isla ng Mindanao.

***Ipinahayag ni President Rodrigo Duterte*** ang layon ng gobyerno na itulak ang pagpapalawak ng 1.6 milyong ektaryang lupa para sa ekspansyon ng mga plantasyon. Ang mga hakbang na ito ng rehimeng US-Duterte ay magdudulot ng higit pang atake sa mahihirap na magsasaka at paglala ng kawalan ng seguridad sa pagkain ng buong bansa. Kailangang tumindig ang mamamayan para tutulan ang ekspansyon ng mga planstasyon sa bansa!

## TUTULAN ANG EKSPANSYON NG MGA PLANTASYON!

## IPATUPAD ANG LIBRENG PAMAMAHAGI NG LUPA!

## NO TO MARTIAL LAW!

# #LAKBAYMAGSASAKA

**MAKIISA SA MGA MAGSASAKA!**

**OCT 25**

**PROTESTA SA MENDIOLA**

MINDANAO NETWORK

twitter: @REAP_Mindanao

twitter:@UMApilipinas